# DV-800-INFO/JV-270-INFO T Paano ko Isusuko, Ibebenta, o Ipapatago ang Aking Mga Armas, Mga Parte ng Armas, at Ammunition?

## Ano ang kailangan kong isuko, ibenta, o ipatago?

Dapat mong isuko, ibenta, o ipatago ang lahat ng mga sumusunod na ipinagbabawal na bagay na mayroon ka o pagmamay-ari mo:

- Mga armas, kabilang ang anumang handgun, rifle, shotgun, at assault weapon;
- Mga parte ng armas, kabilang ang mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring magamit o madaling gawing receiver o frame (tinatawag ding mga "ghost gun"); at
- Ammunition, kabilang ang mga bala, mga shell, mga cartridge, at mga clip.

## Paano ko maisusuko, maibebenta, o maipapatago nang wasto ang mga ipinagbabawal na bagay?

Dapat mong dalhin ang mga ito sa:

- Nagpapatupad ng batas, na silang tatanggap sa lahat ng mga ipinagbabawal na bagay para ingatan o sirain,

  o
- Lisensyadong nagbebenta ng baril, na siyang puwedeng bumili o magtago ng iyong mga armas. Kung may mga parte ng armas o ammunition ka, tumawag nang mas maaga para sa higit pang impormasyon.

## Kailan ko isusuko, ibebenta, o ipapatago ang mga ipinagbabawal na bagay?

Agad-agad, kung hiniling sa iyo ng nagpapatupad ng batas. Kung hindi man, sa loob ng 24 na oras matapos maabutan, o masabihan ng hukom na gawin ito.

## Puwede ko bang ibigay ang mga ipinagbabawal na bagay ko sa pamilya o mga kaibigan?

Hindi, sa nagpapatupad ng batas o sa lisensyadong nagbebenta ng baril lang.
Hindi mo puwedeng ibigay ang iyong mga ipinagbabawal na bagay sa miyembro ng pamilya, kaibigan, o sinuman.

## Kailangan ko bang magbayad ng fee para sa pagpapatago ng mga ipinagbabawal na bagay?

Maaaring kailanganin mong magbayad ng fee. Kontakin ang nagpapatupad ng batas o lisensyadong nagbebenta ng baril tungkol sa mga fee at kung may mapaglalagyan sila sa mga ipapatago mong bagay.

## Paano ko dadalhin ang mga ipinagbabawal na bagay sa nagpapatupad ng batas?

Tawagan ang iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas para tanungin ang mga tuntunin nila. Bibigyan ka nila ng mga partikular na direksyon, tulad ng paninigurado na walang bala ang iyong mga armas at nasa compartment ng kotse. Magdala ng kopya ng kautusan sa pagpigil. **Huwag** dalhin ang iyong mga armas sa korte.

## Kapag isinuko ko ang aking mga armas sa nagpapatupad ng batas, gaano katagal nila itong itatago?

Depende. May mga tuntunin sa pagbawi ng iyong mga armas matapos mag-expire ang kautusan sa pagpigil. Tanungin ang ahensyang nagpapatupad ng batas.

## Pagkatapos kong ibigay ang aking mga armas sa nagpapatupad ng batas, puwede bang magbago ang isip ko?

Oo. Pinapayagan kang magbenta nang isang beses sa lisensyadong nagbebenta ng baril. Para magawa ito, dapat magpakita ang lisensyadong nagbebenta ng baril ng bill of sale sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas. Ibibigay ng ahensyang nagpapatupad ng batas sa lisensyadong nagbebenta ng baril ang mga armas na binebenta mo.

## Paano mo mapapatunayan sa hukom na nakasunod (tumupad) ako sa mga kautusan?

1. Magdala ng kopya ng form DV-800/JV-270, *Resibo para sa mga Armas, Mga Parte ng Armas, at Ammunition* at hilingin sa nagbebenta o sa opisyal na sagutan at pirmahan ang form.

2. Ihain ang form DV-800/JV-270 sa korte. Siguraduhing kumuha ng dalawang kopya. Dapat ihain ang lahat ng resibo sa korte sa loob ng 48 oras mula sa oras na naabutan ka ng kautusan sa pagpigil, maliban kung binigyan ka ng hukom ng iba pang deadline.

## Kailangan ko bang magdala ng kopya ng resibo sa sinuman bukod sa hukom?

Oo, kung:

- Inabutan ka ng nagpapatupad ng batas ng kautusan sa pagpigil, dapat mo silang bigyan ng kopya ng iyong resibo (halimbawa: form DV-800/JV-270). Kung hindi mo alam kung sino ang nag-abot sa iyo ng kautusan sa pagpigil, humingi sa klerk ng korte ng kopya ng form ng pruweba ng pag-aabot para sa kautusan ng pagpigil. Nakalista ang ahensyang nagpapatupad ng batas sa form na iyon.

- Hindi ka sumunod sa kautusan kung kailan dapat mo itong gawin, at inabisuhan ng korte ang nagpapatupad ng batas o isang tagausig na abogado. (Tip: Tingnan ang mga form na DV-110, DV-130, o DV-820 para makita kung nakapag-abiso na ang korte sa iba pang ahensya. Kung ginawa na ito ng korte, magbigay ng kopya ng resibo sa mga ahensyang nakalista sa alinman sa mga form).

## Saan ako makakahanap ng libreng tulong?

Available ang libreng legal na tulong sa self-help center ng iyong korte. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*. Hindi magsisilbing abogado mo ang staff ng self-help center ngunit maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyong makakatulong sa pagdedesisyon kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at matutulungan ka sa mga form. Maaari ka ring i-refer ng staff sa mga ibang ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

## Available sa online ang higit pang impormasyon kung paano sundin ang mga kautusang ito

*https://selfhelp.courts.ca.gov/respond-to-DV-restraining-order/obey-firearms-orders*.



I-print ang pormang ito | I-save ang pormang ito